Ang Pilosopiya at si Roque J. Ferriols, SJ

Mark Joseph Calano

ABSTRACT

The paper articulates the relationship between philosophy, *Erōs*, and the Filipino Jesuit priest Roque J. Ferriols. As a way of life, philosophy is related to three Greek words (*thaumazein, aesthesis,* and *logos*) and is the desire for the *hen panta* (one-in-all). The paper then describes the life of the *philosophōs* by referring to the image of *Erōs* and the character of Socrates in Plato's *Symposium*. It ends by identifying the philosophical project of Ferriols with the quest of the *philosophōs*. It argues for *meron* as the articulation/inarticulation of a universal truth, of what is really real, and as the proper concern of the philosopher.

KEYWORDS: philosophy; *Erōs*; Roque Ferriols; *meron*; *katotohanan*

> Kapag ang kanyang katha'y matinong naninindigan sa katotohanan; at tulong pa ang kanyang idudulot sa masusing pagkilatis sa sarili niyang sinulat; at ipinahahayag pa niya na siya ang may kayang maglahad kung ano nga ang mga pagkukulang ng mismo niyang katha . . . kapag ganito ang mga ginawa niya, hindi na karapat dapat siyang tawagin ayon sa kanyang talagang pinananabikan.
>
> —Platon, *Phaidros*, 278c, salin ni Roque J. Ferriols, SJ

Ano ang pilosopiya? Meron bang Filipino sa pag-iisip na ito? Marami nang pilosopo ang sumubok na itanong kung ano ang pilosopiya at sagutin ang tanong na ito; at ang bawat sagot nila ay pawang pagtahak sa isang natatanging landas.[1]

[1]Martin Heidegger, "Ano Ba ang Pilosopiya?" (di-nalathalang salin ni Remmon Barbaza ng *What Is Philosophy?* ni Martin Heidegger [New Haven, Conn.: College and University Press, 1956], Department of Philosophy, Ateneo de Manila University, ca. 1998), 1.

Meron daw dalawang uri ng pamimilosopiya: ang isa ay teoretikal at ang isa naman ay isang uri ng pamumuhay. Ayon kay Alexander Nehamas, yaong naunang uri ng pamimilosopiya ang siyang nangingibabaw na pag-unawa sa kung ano ang pilosopiya. Sa hanay na ito, ang pilosopiya ay isang disiplinang panteorya na interesado lamang sa likas na katangian ng kaalaman, sa katunayan, at sa mabuting pamumuhay. Ang mahalaga sa landas ng tradisyon na ito ay ang katangian ng pagdadahilan at ang bisà ng mga pahayag na ginawa, tumayô man ito o hindi sa mahigpit na pamumuna. Isinasantabi sa tradisyon na ito ang mga personal at pampanitikang estilo, pati na rin ang mga katangi-tanging ugali ng pilosopo. Samakatwid, ang pagkatao o ang katangian ng pilosopo ay hindi nauugnay at walang kinalaman sa kaniyang pagsusuring pilosopiko at paglalahad ng mga argumento. Ngunit sa pag-unawa ng pilosopiya bilang sining ng pamumuhay (na kadalasang isinasantabi, pinipigil, at nililibak ng mga "propesyonal" at panteoryang pilosopo), mahalaga ang papel na ginagampanan ng pampanitikang estilo at katangian sapagkat ang mga mambabasá ay hindi dapat makalimot na ang kanilang binabása ay may kaugnay na kahulugan sa isang partikular na pilosopo at hindi sa iba.[2]

Kaugnay ng dalawang uri ng pamimilosopiyang nabanggit, maiintindihan kung bakit ang ibang mga pilosopo, sa isang banda, ay nagsasabi na ang pilosopiya ay isang pagmumuni-muni sa búhay at kaisipan na binubuo ng pagkilala at pag-aaral ng mga idea ng mga sinaunang pilosopo tulad halimbawa nina Kung Fu Tsu, Platon, Aristoteles, San Anselmo, Gabriel Marcel, at Martin Heidegger. Sa kabilang banda naman, ang ibang mga pilosopo ay nagsasabi na ang pilosopiya ay isang uri ng pamumuhay na mas mabuting gawin kaysa isipin; ito ang pananaw na ang pilosopiya ay isang sining o pamamaraan ng pamumuhay. Sa ikalawang punto de bistang ito, makikilala natin ang isang pilosopikal na pag-unawa na nangangailangan ng paggawa—kinakailangang gawin. Samakatwid, may pag-unawa sa kalikasan ng pilosopiya na higit pa sa isang pag-uulit ng mga idea at konsepto sa isang sistematiko at lohikal na pamamaraan; habang mahalaga rin sa tradisyong ito ang nasabing paggawa ng pamimilosopiya, hindi naman ito sapat.[3] Sa konteksto ng pagtatalaban ng dalawang pilosopikal na tradisyong ito, layunin ng papel na magbigay ng pambungad sa pamimilosopiya ni Padre Roque J. Ferriols, na kumikiling sa pangalawang punto de bista.

Ang papel ay binubuo ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay paglalarawan ng isang pag-unawa sa pilosopiya na nagmumula sa at nangangailangan ng pagdanas.

---

[2]Alexander Nehamas, *The Art of Living: Socratic Reflections from Plato to Foucault* (Berkeley: University of California Press, 1998), 3.

[3]Roque J. Ferriols, SJ, *Mga Sinaunang Griyego* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991), 5.

Sa bahaging ito, susubukin nating unawain ang isang landas ng pamimilosopiya na ginagamit bilang pamamaraan ang paghuli, pagdanas, at pag-intindi sa karanasan gamit ang ating likas na kakayahan. Susubukin din nating danasin ang gawain ng pilosopiya bilang masusing pagtingin sa ating karanasan, gaya ng pamamaraan ni Ferriols;[4] titingnan natin ang ugnayan ng tatlong katagang mula sa mga sinaunang Griyego: ang *thaumazein*, ang *aesthesis*, at ang *logos*, upang mas maunawaan ang pilosopikal na paglapit sa *hen panta*, yaong isa-sa-lahat.[5] Ang ikalawang bahagi naman ay tungkol sa ugnayan ng pilosopo, yaong sumusubok umunawa sa mga bagay-bagay na tinatawag din ng mga Griyego na *philosophōs*, sa sining ng pilosopiya, yaong sumusubok isipin, kilalanin, at bigkasin ang *hen panta*. Upang maunawaan itong ugnayang ito, babalikan natin ang isang konsepto ng *Erōs* sa *Symposion* ni Platon. Susubukin nating intindihin ang isang malabo-sabay-natatangi na pag-unawa sa tatlong imahen sa tekstong nabanggit—ang *philosophōs*, si Sokrates, at si *Erōs*. Sa ating pagsubok na bigyang-saysay ang ugnayan ng pilosopiya sa gumagawa ng pilosopiya (*philosophōs*), sa pilosopo (Sokrates), at sa *daimôn* (Erōs), inihahanda ang mga mambabasá sa ating pagtalakay kay Ferriols. Sa ikatlong bahagi, susubukin nating unawain ang pamimilosopiya ni Ferriols sa konteksto ng naunang pag-unawa sa pilosopiya, sa isang banda, at sa tatlong mukha ng gumagawa ng pilosopiya sa kabila. Susubuking ipakita ang natatanging pamimilosopiya ni Ferriols, isang pamimilosopiya na nakakagat sa isang uri ng pagmamasid, paghahangad sa, at pagbubunyag ng katotohanan.

PILOSOPIYA AT KARUNUNGAN

Ano kayâ ang pamimilosopiya? Ito, para kay Ferriols, ang tumpak na tanong at hindi ang tanong na "Ano ba ang pilosopiya?" Merong kawalang-katiyakan sa tanong na nauna na nawawala sa pangalawa; ito ay tungkol sa kalikasan ng pilosopiya. Sabi ni Ferriols, "Sapagkat ang pilosopiya'y hindi isang bagay na maituturo ng daliri at mahahati ng isip sa ganito't ganoong katangian. Hindi maaring tingnan o himayin

[4]Roque J. Ferriols, SJ, "Nota ng Patnugot," nasa *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko*, pinamatnugutan ni Roque J. Ferriols, SJ (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1979), xii.

[5]Hinango ko ang tatlong katagang Griyego, pati na rin ang *hen panta*, kay Heidegger ("Ano Ba ang Pilosopiya?" xx) na gagamitin kong balangkas sa pag-unawa kung ano ang pilosopiya para kay Ferriols. Kay Eduardo Jose E. Calasanz ("Ang Kuwago ni Minerva sa Piedras Platas" [di-nalathalang lektyur, School of Humanities, Ateneo de Manila University, Enero 25, 2010]) ko unang narinig ang pagsubok na ipinta ang pilosopiya gamit ang *thaumazein*, *aesthesis*, at *logos*.

ng isip ang pilosopiya. *Ginagawa* ang pamimilosopiya."[6] Samakatwid, hindi lubos na naiintindihan kung ano ang pilosopiya. Ang mga susunod na talata ay isang pagsubok na mahiwatigan ang paggawa ng pilosopiya. Malaki ang pagkakaiba ng pagbibigay ng kongkretong sagot sa tanong kung ano ang pilosopiya sa paglalarawan ng pagpapahiwatig dito.

Kung babasahin nang mabuti si Ferriols, mauunawaan na ang pamimilosopiya ay nagsisimula sa mga karaniwang karanasan at hindi sa mga idea lamang. Maraming nag-aakala na ang obheto ng pilosopiya ay mga di-karaniwang bagay; hindi ito totoo sapagkat ang simulain ng pilosopiya ay ang mga karanasan na gumugulat at nagpapahinto sa ating mga pang-araw-araw na pamumuhay, mga karanasan na nagdudulot sa ating mga karaniwang tao ng pagtataká, paghahanap, at pagtatanong.

Ganyan ang karanasan ni San Agustin noong namatayan siya ng kaniyang kaibigan; sa harap ng kamatayan na iyon, ang kaniyang búhay ay naging isang *questio magno* o isang dakilang tanong.[7] Gayundin, ayon sa tradisyon, ang karanasan ni Siddharta Gautama nang aksidente siyang nakalabas sa palasyo at nakasalubong niya ang isang táong may sakít, isang matanda, at isang bangkay. Si San Agustin at si Siddharta Gautama ay ginulat ng mga karaniwang karanasan, at simula noon ay hindi na maaaring bumalik pa sa kanilang mga nakagawian. Sa dalawang kasong ito, makikita na, kontra sa nakagawian, ang simulain ng pilosopiya ay hindi teksto at hindi rin idea. Ang pilosopiya ay nagsisimula sa mga kongkretong karanasan na bumubulaga sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, at hindi sa mga kuro-kuro, simple man o hindi.

Kung gayon, maiintindihan kung bakit hindi kailanman itinuring ni Ferriols na eksperimento ang pilosopiya. Ayon sa kaniya, ang eksperimento raw ay isang bagay na likha lamang ng isip—isang inimbentong karanasan.[8] Ang pilosopiya raw ay hindi interesado sa mga likhang-isip lamang kundi sa talagang totoo, sa tunay na nangyayari. Patuloy at palaging sasabihin ni Ferriols na hindi konsepto ang nais niya kundi karanasan. Hindi sa mali ang konsepto o hindi sa maiiwasan natin ang konsepto, ngunit binibigyan lamang niya ng diin at halaga ang karanasan ng totoong-totoo.[9]

---

[6]Ferriols, "Pambungad sa Pambungad," nasa *Magpakatao*, 4–5; kay Ferriols ang diin.

[7]*Confessions*, salin ni Henry Chadwick (Oxford: Oxford University Press, 2009) 4.4.

[8]Roque J. Ferriols, SJ, "A Memoir of Six Years," nasa *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*, pinamatnugutan nina Nemesio S. Que, SJ, at Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1997), 220.

[9]Roque J. Ferriols, SJ, *Pambungad sa Metapisika*, ikalawang edisyon (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2002), 4.

Ngunit makikita din na ang mga bagay na nagdudulot sa atin ng pagtataká (*thaumazein*) ay mga bagay din na humahalina sa atin. May kagandahang taglay ang mga bagay na tumatawag ng ating pansin. Sa ating pang-araw-araw at karaniwang gawain, mapapansin na may mga bagay na humahalina sa atin.[10] Ngunit hindi lahat ng humahalina sa atin ay maganda.[11] Ganyan ang paalala ni San Ignacio sa kanyang mga alituntunin sa pagkilates sa kilos ng mabuti at masama. Binabagabag tayo ng masamang espiritu kapag tayo ay nagpapakabuti at ganun din ng mabuting espiritu kapag tayo ay nagpapakasama.[12] Dahil sa dalawang posibilidad ng mga bagay na humahalina sa atin, mauunawaan kung bakit napakahalaga ng pagkilates sa pilosopiya—isang patúloy na pagmamasid at pag-unawa sa totoong-totoo. Ang táong namimilosopiya ay gisíng sa kaniyang pakikipagtagpo sa totoong-totoo, isang katotohanan na hindi ibinigay para sa kaniya lamang at sa isang mahiwagang pamamaraan.[13] Makikita sa gawain ng pilosopiya ang isang patúloy na pakikipagtagpo at pakikipagtoto sa talagang maganda at sa tunay na maganda—ang *aesthesis*.

Habang totoo, sa diskursong ginagalawan ni Ferriols, na ang pamimilosopiya ay tungkol sa pagkabagabag (*thaumazein*) at pagkahalina sa mga magaganda (*aesthesis*) na talagang nararanasan at totoo, hindi lamang tungkol dito ang pilosopiya. Malaki ang papel na ginagampanan ng *thaumazein* at *aesthesis* sa pilosopiya, ngunit may papel ding ginagampanan ang pagbubunyag ng katotohanan—ang *logos*. Ang pilosopiya, at ang gumagawa nito, ay hindi maaaring manahimik sa harap ng talagang totoo. Ang pilosopiya at ang mga namimilosopiya ay may responsabilidad na ibunyag ang katotohanan. Maaaring malagom ang pag-unawa ni Ferriols sa pilosopiya sa pamamagitan ng tatlong salitang Griyego: *thaumazein*, *aesthesis*, at *logos*. Ang mga bagay na bumabagabag sa atin, na siyang ugat ng pamimilosopiya, ang *thaumazein*.[14] Ang humahalina na maganda, kung saan patuloy na nakikipagtagpo ang pilosopo, ay *aesthesis*.[15] Ang pagsasawika naman ng katotohanan ang *logos*.

Sa ikatlong salitang Griyego na ito maiintindihan kung bakit may pagpapahalaga si Ferriols sa wika at sa mga salawikain. Para sa kaniya, ito ay mga "binhi ng pamimilosopiya na minana natin sa ating mga ninuno."[16] Sa pagsasawika natatagpuan

[10]May interesanteng pagtalakay si Ferriols ukol sa maganda sa *Pambungad sa Metapisika* na maaaring sangguniin hinggil dito. Ngunit hindi siya interesado sa mga karaniwang maganda lamang. Siya ay interesado sa kagandahang dulot ng *arête*. Kayâ nga naman ang maganda ay isang paksa dito (149–59).

[11]Sumasang-ayon rito si Umberto Eco, *Storia della bruttezza* (Milan: Bombiani, 2007).

[12]Ignacio de Loyola, *Mga Banal na Pagsasanay ni San Ignacio de Loyola*, salin ni Miguel B. Lambino, SJ (Quezon City: Claretian Publications, 1991), 119–32.

[13]Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 28.

[14]Heidegger, "Ano Ba ang Pilosopiya?" xx.

[15]Calasanz, "Ang Kuwago ni Minerva sa Piedras Platas."

[16]Ferriols, "Pambungad sa Pambungad," 5.

ang isang uri ng pakikiisa sa nakaraan, sa kasalukuyan, at sa hinaharap. Ito ang papel na ginagampanan ng *logos* sa pamimilosopiya. Sa pamamagitan ng paggamit ng *analogia* sa binhing palay, ipinaliwanag ni Ferriols ang isang natatanging ugnayan ng wika sa karanasan na maaaring mawala sa gawain ng pagsasalin:

> Ang binhing palay ay siksik na katipunan ng buhay at bisa ng mga nakaraang salinlahi ng mga palay na inihasik, tinanim, tumubo, naghitik, nagbutil at napakinabangan. At kung ihahasik mo itong binhing palay na ito, pati ikaw kakain. Ganoon din, siksik na tinipon sa salawikain ang ilan sa mga naunawaan ng ating mga hali-haliling ninuno. At kung pagmumuni-munihan mo ito, pati sa iyo uusbong ang kanilang karunungan at magiging liwanag ukol sa iyong sariling karanasan.[17]

May dalawang kadahilanan si Ferriols kayâ niya iniugnay ang pilosopiya sa salawikain. Una, habang ang pamimilosopiya ay hindi kailanman maaaring limitahan sa pagsasalawikain lamang, hindi rin naman maitatanggi ang isang uring pamimilosopiya na pinupukaw ng mga salawikain, na dumaraan sa isang pamamaraan ng paglikha, o ng isang bagong pag-unawa sa mga minanang salawikain na humahantong sa isang mas mulát na pag-iisip.[18] Pangalawa, sa pagsasawika at sa pamimilosopiya "madaling makita na ang kaalaman-di-kaalaman na taglay ng salawikain ay bunga ng diwa ng wikang ginagamit."[19]

Dito niya ipinaliliwanag ang mahalagang tungkulin ng *logos* sa pilosopiya. Sabi niya:

> Hinahanap ng pilosopiya ang puting sinag ng araw ng katotohanan. Ang mga wika'y mga prismang kinakalat ang puting sinag na ito sa angaw-angaw na kulay. Iilan lamang sa mga kulay na ito ang masasalo ng bawat wika. Iilan ngunit napakahalaga, sapagkat ang pinakamalabong kulay na galing sa puting sinag ng katotohanan ay maka-Diyos. Kaya gamitin mo at sabay likhain ang ating magiging wika. Huwag mo gaanong hangaan o saliksikin ang wika bagkus hanapin at hangaan ang *katotohanan* habang ginagamit at linilikha ang wika.[20]

Higit pa nating mauunawaan ang hangarin ng pilosopiya gamit ang isa pang katagang Griyego. Muli, para kay Ferriols, ang pilosopiya ay interesado sa katotohanan at hindi sa wika lamang. Ang katotohanang ito ay tinatawag ng mga sinaunang Griyego na *hen panta*, ang isa-sa-lahat, katotohanan na para sa lahat.[21] Sa iba at mas malawak na pag-unawa ng katagang *logos*, tinatalakay ni Herakleitos ang

[17]Ibid., 5–6.
[18]Ibid., 6.
[19]Ibid., 7.
[20]Ibid.
[21]Heidegger, "Ano Ba ang Pilosopiya?" xx.

logos bilang *hen panta.* Para sa kanya, para sa lahat ang logos, at ang katotohanan ay para sa lahat din. Ito ay hindi namimili ng tao o walang kinikilingan.[22] Ito ang karunungan para sa mga Griyego, ang pagtuklas, pag-intindi, at pakikiugnay sa *hen panta*; ito din ang hangarin ng pilosopiya.

Ngunit ang pilosopiya at ang katotohanan ay hindi lamang para sa mga Griyego; ito ay para sa atin din. Sa pag-unawa natin ng tatlong katagang Griyego na *thaumazein*, *aesthesis*, at *logos*, nakita natin ang isang pamamaraan na maaaring magbukas sa atin sa totoong-totoo, sa *hen panta*.[23] Kayâ sa puntong ito ay magandang bigyang-diin at ulitin na ang pilosopiya nga ay tungkol sa totoong-totoo; ito ang pagdanas ng totoong-totoo—isang pakikipagsapalaran sa katotohanan. Dito makikita kung bakit hindi isang pangalan ang pilosopiya, at kung kayâ hindi maaaring itanong kung ano ito. Ang pilosopiya ay isang pandiwa—isang uri ng paggawa, isang kilos na nagsisikap makipagtagpo sa *hen panta*.

Maiintindihan natin kung bakit sa paglalahad ng kaniyang ugnayan sa pilosopiya, ayaw ni Ferriols na sabihing "Pilosopiyang Filipino" ang kaniyang ginagawa. Kung ang pilosopiya nga ay interesado sa katotohanan (sa katotohanan para sa lahat), hindi ito interesado sa kaniyang pagka-Filipino;[24] maaring maging hadlang sa pagtuklas sa katotohanan ang ating pagka-Filipino. Sa isang analohiya, sabi niya na ang pagkain natin ng iba't ibang putahe ay batay sa kasarapan nito, at hindi sapagkat ito ay Filipino, Amerikano, at iba pa.[25] Tila gayundin daw ang pilosopiya; hindi naghahangad ng mga bagay na Filipino lamang kundi kung ano ang totoo.

Upang lalong mahiwatigan kung ano ang sinusubok gawin ng pilosopiya, subukin nating tingnan ang mga namimilosopiya. Ang mga namimilosopiya ay tinatawag ni Ferriols na pilosopo o ng mga sinaunang Griyego na *philosophōs*; sila raw ay mga kaibigan ng karunungan at kaibigan din ng katotohanan.

PHILOSOPHŌS AT *ERŌS*

Katulad ng katagang pilosopiya na hindi natin binigyan ng kahulugan sa unang bahagi ng papel na ito, susubukin din nating hiwatigan ang mga gumagawa ng pilosopiya. Ang mga *philosophōs* ang sumusubok na bigkasin ang mga balangkas ng

[22]May salin at introduksyon si Ferriols kay Herakleitos sa *Sinaunang Griyego*, 28.

[23]Tingnan ang Mark Joseph Calano, "Pilosopiya sa Wikang Filipino," *Kaisipan: Opisyal na Dyornal nang Isabuhay, Saliksikin, Ibigin ang Pilosopiya* 1, no. 1 (2013): 41–48.

[24]Ferriols, "A Memoir of Six Years," 216–17.

[25]Roque J. Ferriols, SJ, "Pilosopiya sa Pilipino: Eksperimento Ba?" dokyumentaryo (Quezon City: Philosophy Department, Ateneo de Manila University; and Jesuit Communications, Inc., 1990), VHS.

talagang totoo. Sa pagsubok na ito, makikita na malaki ang papel na ginagampanan ng pag-ibig. Makikita ito sa kanilang pagsubok na makipag-ugnay sa karunungan at sa katotohanan. Upang lalong maunawaan ang ugnayan ng karunungan at pag-ibig sa búhay ng mga *philosophōs* at upang makutuban natin ang sinusubok gawin ni Ferriols, babalikan natin ang *Symposion* ni Platon na tumatalakay sa ugnayan ng pilosopiya, *philosophōs*, at pag-ibig.[26]

Sa simula ng *Symposion*, kapansin-pansin na hindi katulad ni Sokrates ang ibang mga panauhin sa pagdiriwang, sa kanilang mga panayam ukol sa pag-ibig, at sa mga katangian nito. Tulad sa nabanggit nang pag-unawa sa pilosopiya, tila maingat yata si Sokrates sa pagbanggit sa kung ano ang pag-ibig. Alam lamang niya na hindi niya alam. Hindi siya nagsasalita tulad ng iba at hinahayaan lamang niya na magsalita sila ukol sa pag-ibig.

Ayon kay Agathon, ang pag-ibig daw ay maganda at katangi-tangi. Ito ang pinaghugutan ng tanong ni Sokrates. Inusisa niya kung ang pag-ibig ba ay ang pagnanais ng kung anong meron ka o ng kung anong wala ka? Tuloy niyang itinanong kung ang pag-ibig ba ay isang pagnanais ng mga bagay na wala ka pa? At kung ang pag-ibig ay pagnanais ng maganda, maaari ba nating sabihin na ang pag-ibig ay hindi maganda sapagkat ninanais pa nito ang kagandahan?

Matapos tanggapin ni Agathon ang pagpapalitang ito, sinimulan namang ikuwento ni Sokrates ang kaniyang mga natutuhan kay Diotima na isang babaeng taga-Mantineia. Kung ang pag-ibig ay kaugnay lamang ng mga bagay na wala siya, hindi raw ito maaaring maging diyos; ito raw ay isang *daimôn*.[27] Ang *daimôn* ay nasa gitna ng mga tao at diyos, ng mga mortal at immortal. Siya rin ay tagapamagitan sa dalawang ito. Sa mitong Griyego, ang *daimôn* ay may ugnayan kapuwa sa tao at diyos. Ang pagkagitna niya at pagiging tagapamagitan ng pag-ibig o *Erōs* ay bunga raw (ayon sa mito) ng pagsisiping nina Penia (Karukhaan) at Poros (Pagkamaparaan) nang isilang si Aphroditē. Dahil doon, naging alagad at abay ni Aphroditē si Erōs, dahil nabuo siya sa kaarawan ni Aphroditē, at likas siyang mangingibig ng kagandahan dahil maganda si Aphroditē.[28]

---

[26]May dalawang salin ng *Symposion* na ginamit ko sa papel na ito. Ang una ay ang ginawa ni Christopher Gill (London: Penguin Book, 1999). Para sa mga sipi, ang aking ginamit ay ang salin sa Filipino na ginawa nina Michael Ner Mariano, Roy Allan Tolentino, at Patrick Wilhelm Strebel na hindi nalathala. Hindi ko nais na intindihin ang *Symposion* bilang isang tagapanaliksik sa mga Sinaunang Griyego; nais ko lamang gamitin ang kuwento upang bigyang-saysay ang aking pag-unawa sa mga *philosophōs* bilang tagapamagitan ng katotohanan. Hindi ko kailangang gumamit ng Griyego o himay-himayin man lang ang mga nasiping teksto. Hindi ito bahagi ng layunin ng papel na ito.

[27]Platon, *Symposion* 202e.

[28]Ibid. 203b–c.

Sa isang malikhaing pamamaraan, ang kuwento ni Diotima ukol kay Erōs ay tungkol hindi lamang kay Erōs kundi pati na rin kay Sokrates at sa mga *philosophōs*. Si Erōs daw, sabi ni Diotima, ay laging "dukha, hindi maselan o maganda, tulad ng inaakala ng marami. Sa halip, matigas siya at tigang, walang sapin sa paa at walang tirahan; sa lupa humihiga nang wala man lang sapin, sa labas siya natutulog, sa may pintuan at sa tabi ng daan." Ngunit bilang anak ni Poros, patuloy ni Diotima, "[m]atapang siya, mapangahas at marubdob, kagila-gilalas na mangangaso, laging naglalatag na bitag."[29]

Ganito rin ang pagsasalarawan kay Sokrates ni Alkibiades sa hulihan ng diyalogong ito ukol sa kanilang pagsasáma sa isang digmaan at sa taglamig sa Potidaia. Sabi niya,

> May isang pagkakataon na talaga namang wala nang lalala sa kapal ang pagyeyelo ng paligid, kaya wala man lamang nangahas na lumabas. . . . Pero itong si Sōkratēs, lumabas nang ganito ang panahon na walang ibang suot kundi ang karaniwan pa rin niyang pananamit, at mas madali pa siyang nakalakad sa yelo kaysa sa aming nababalutan ang paa gayong nakayapak lamang siya. Kung nakita niyo sana, masama ang tingin sa kanya ng mga sundalo dahil akala nila, nanghahamak siya.[30]

At sa simula ng diyalogo mababasa din ang paghahanda ni Sokrates upang dumalo sa piging; siya ay "bagong ligo at nakasandalyas."[31] Kayâ kakaiba ang papuri ni Alkibiades at Agathon kay Sokrates.[32] Para kay Alkibiades, si Sokrates ay isang tunay "na salamangkero, manggagayuma, at mananalumpati (sophistēs)."[33] Gaya ni Erōs, káya niyang higitan ang lamig, gutom, tákot, habang káya niyang mamuhay nang may alak o sa kawalan nito.[34]

Itong paglalarawan kay Erōs at kay Sokrates ay isa ring paglalarawan sa isang *philosophōs*. Parang si Erōs na dukha at kulang, alam din ng mga *philosophōs* kung papaano higitan ang kaniyang karukhaan at kahirapan gamit ang kaniyang katalinuhan.[35] Para kay Diotima, si Erōs ay naghahangad ng "pag-unawa, at maparaan siya sa pagtugis dito." Siya ay "habambuhay na mangingibig ng karunungan (philosophōs)."[36] Si Erōs ay isang *philo-sophōs*, sapagkat nasa gitna siya

[29]Ibid. 203d.

[30]Ibid. 220b–c.

[31]Ibid. 174a.

[32]Ibid. 175e; 221e.

[33]Ibid. 215c.

[34]Ibid. 220a–d.

[35]Tingnan ang kuwento ni Thales at ang gilingan ng mga olibo sa Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 8.

[36]Ibid. 203d.

ng *sophia* at ng kamangmangan. Paliwanag ni Diotima: "'Naku, mahuhulaan na yata kahit ng isang batang paslit,' aniya, 'na tinutukoy ko iyong mga namamagitan, at kabilang sa mga ito si Erōs. Sapagkat isa sa pinakamagaganda ang karunungan, at si Erōs ang pag-ibig na ukol sa maganda, samakatwid kailangang ganito si Erōs: mangingibig siya ng karunungan, at namamagitan sa karunungan at sa katangahan ang mangingibig ng karunungan. Muli, ang sanhi nito ay ang kaniyang pinagmulan: sapagkat kahit na marunong at maparaan ang kaniyang ama, hindi marunong at hindi maparaan ang kaniyang ina."[37]

Para kay Diotima, may dalawang grupo ng nilalang na hindi kailanman maaaring mamilosopiya. Ang unang grupo ay ang mga diyos at mga pantas sapagkat sila ay nakauunawa na. Ang pangalawa naman ay ang mga tanga sapagkat akala nila magaling na sila.[38] Samantalang hindi naman ipinaliwanag ni Platon ang kaniyang kahulugan ng *sophia*, maaaninagan naman ang kahulugan nito sa pag-unawa na ang mga diyos lamang ang meron nito.[39]

Maaaninagan natin muli sa mukha ni Erōs hindi lamang ang mukha ng isang *philosophōs* kundi ang mukha ni Sokrates mismo. Si Sokrates ay parang tanga na walang alam, ngunit siya ay mulát sa kaniyang kamangmangan. Iba siya sa mga tanga sapagkat sa kaniyang kamulatán, hinangad niyang matuto at makaunawa. Kayâ si Sokrates man, o ang *philosophōs*, ay si Erōs na napagkaitan man ng karunungan, kagandahan, at kabutihan, ay naghahangad pa rin ng karunungan, kagandahan, at kabutihan.

Mukhang wala na ngang mas simple at mas likas pa sa pamamagitan ng isang *philosophōs*—isang pamamagitan sa karunungan at kamangmangan; ngunit ang mga bagay ay mas komplikado pa rito. Habang nilikha ni Diotima ang pagkakaiba ng mga pantas at ng mga di-pantas, parang sinasabi din niya na walang namamagitan sa dalawa; ikaw ay pantas o di-pantas lamang. Sa pananaw na ito, hindi maaari na ang *philosophōs* ay namamagitan sa pantas at sa di-pantas sapagkat kung hindi siya kabilang sa mga pantas, siya ay kabilang sa mga hindi pantas. Ibig sabihin, kailanman ay hindi mararating ng *philosophōs* ang karunungan o ang katotohanan. Ngunit mas interesante pa ang ginawa ni Diotima; lumikha siya ng pagkakaiba sa loob ng mga hindi pantas: ang mga tanga na hindi alam na wala silang alam at ang mga *philosophōs* na gising sa kanilang hindi pagkaalam. Sa ugnayan ng mga pantas at mga tanga, makikita ang pamamagitan ng mga *philosophōs*. Ang mga *philosophōs* ay hindi mga pantas, ngunit sila ay hindi rin tanga. Sa puntong ito, masasabi natin

[37]Ibid. 204b.

[38]Ibid. 2045a

[39]Platon, *Phaidros*, salin ni Christopher Rowe (London: Penguin Classics, 2005) 278d.

na hinding-hindi makararating sa karunungan ang mga *philosophōs*. Maaari lamang niyang lapitan o kagatin ito.

Sa *Symposion*, mauunawaan na ang pilosopiya ay hindi karunungan, bagkus ay isang pamamaraan ng pamumuhay. Parang ganito rin ang sinasabi ni Ferriols sa mga katagang "sapagkat ang pilosopiya ay ginagawa."[40]

Sa *Symposion*, ang etimolohiya ng salitang *philosophia*—"ang pag-ibig o paghahangad sa karunungan"—ay nabigyang mukha ni Sokrates, isang mukha na punô ng *eironeia*.[41] Ang *philosophōs* ay mukha ng ironiya sapagkat siya yaong tao na hindi niya alam, sabay alam na hindi siya pantas, at, bagkus, hindi pantas at hindi tanga. Hindi siya mapalagay sa mundo ng mga pantas o sa mundo ng mga tanga; hindi siya mapalagay sa mundo ng tao o sa mundo ng mga diyos. Mahirap hanapin kung saan kabilang ang mga *philosophōs*. Dito, ang tono ng pilosopiya ay may pagkatrahedya sapagkat ang mga *philosophōs* ay hati sa kanilang pagnanais na mahagkan ang karunungan na pilit siyang tinatakasan at tinataguan, ngunit patuloy niyang iniibig at hinahagkan. Ang pilosopiya ay maiintindihan lamang kaugnay ng kung ano ang wala siya—ang karunungan at ang katotohanan. Ito ang dahilan kung bakit ang Sokrates ng *Symposion* ay sabay nagsasabi na wala siyang alam ngunit may kahanga-hanga at angkop na pamumuhay. Ang *philosophōs* ay hindi lamang namamagitan, ngunit, tulad ni Erōs, ay tagapamagitan.

Itong pananaw ng mga sinaunang Griyego ukol sa kalikasan ng pagiging *philosophōs* ay buhay pa rin ngayon, halimbawa, sa akda ni Rodriguez. Wika niya, "Mula noong nagsimula ang pilosopiya at sinubukang bigkasin ng mga pilosopo ang batayang balangkas ng talagang totoo, natuklasan nila na laging nasa ibayo ng kanilang kakayahang umunawa ang realidad na ito. Subalit pilit pa rin nilang sinubukan itong bigyan ng artikulasyon dahil may nakukutoban talaga silang batayan na nagbibigay-kahulugan at istruktura sa pag-iral ng lahat-lahat."[42]

Mahalaga ang pag-unawa sa *philosophōs* na nakuha natin sa *Symposion*. Isang pag-unawa na sa tingin ko ay lumalabas din sa pamimilosopiya ni Ferriols. Sa kaniyang pagpapaliwanag sa katotohanan, kaalaman, at karunungan na bumabalisa sa atin, ipinakita niya ang isang paghahangad sa isang bagay na marahil ay hinding-hindi natin maaaring maangkin, ngunit maaari naman nating maabot. Isang kaalaman sa katotohanan na kinahuhulugan ng makahulugang pagbigkas. Sulat ni Ferriols:

> Kaalamang mulat sa kanyang hindi pagkaalam. Karunungan nagmamalaki't sabay namang nagpapakumbaba. Nagmamalaki sapagkat nakakagat sa totoo at

[40]Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, ix.

[41]Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 102–7.

[42]Rodriguez, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014), 7.

> sa bawat sandali'y natitikman niya ang katotohanan. Mapagpakumbaba naman sapagkat ginagalang niya ang umaapaw na katotohanan at alam niyang hindi niya masasakupan kailanman ang buong katotohanan. Hindi nakasisira ng loob itong pagpapakumbabang ito, bagkus nagbibigay loob pa ito sa isang mas masigasig at nananabik na paghahanap.[43]

Para kay Ferriols, ang gawain ng pilosopiya ay hindi kailanman maaaring tumigil sapagkat hindi ito kailanman makokompleto. Kung ang pilosopiya at ang *philosophōs* na nabanggit na ay maaari lamang mahiwatigan, paano pa ang obheto nito na katotohanan. Ito ay laging higit pa sa atin.

Sapagkat ang pilosopiya ay isang walang tigil na pagtataya sa totoong-totoo kapiling ang iba, ganoon din ang pagiging *philosophōs*. Ang salitang Griyego na *philein* ay tumutukoy sa mga kaibigan ng karunungan. Kayâ mahalaga ang tulong nina Lao Tzu, Twang Tzu, Platon, Aristoteles, San Agustin, Kant, at iba pang pilosopo sa ating pakikitungo sa talagang totoo. Hindi naman maipagkakaila na sa humigit-kumulang limangpung taon, nagsilbing kaibigan at kasama ng Kagawaran ng Pilosopiya sa Pamantasang Ateneo de Manila si Ferriols. "Sa kanyang pagpapakita, pagtawag ng pansin, pagsusubaybay, pagbibigay-loob, pagmamakulit,"[44] nagisnan at naunawaan natin ang pangangailangang pairalin ang isang pakikitagpo sa talagang totoo na nakukutuban natin. Kaugnay ng mga nabanggit na ukol sa pilosopiya at sa *philosophōs,* nais nating ilagay sa diskurso ng pilosopiya at ng *philosophōs* si Ferriols upang maintindihan natin ang kaniyang ugnayan, paghahanap, at pakikipagtagpo sa katotohanan.

KATOTOHANAN AT SI ROQUE FERRIOLS

Nanindigan si Ferriols na wala tayong mahabang tradisyon ng pamimilosopiya sa ating bansa. Ngunit meron naman daw tayong tradisyon ng patuloy na pagsubok unawain ang mga bagay-bagay; itong gawain raw ay may pagkapilosopikal din. Sabi niya: "Kayang kaya ng taong mag-isip at kung magiisip lamang siya ay meron siyang makikitang mahalaga."[45] Parang gáling sa simula ng *Metapisika* ni Aristoteles ang mga katagang ito, ngunit tila mula ito sa sariling karanasan. Tila merong mga aktitud na pilosopikal ngunit hindi pa nakikita at nauunawaan bilang pilosopikal. Magandang halimbawa nito ang ating parating pakikipag-ugnayan sa isa't isa; tila

[43]Ferriols, "Pambungad sa Pambungad," 5.

[44]Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, ix.

[45]Ferriols, *Pilosopiya sa Filipino: Eksperimento Ba?*

ang meron ay laging nakikipag-ugnay.[46] Dito ay maaari nating bigyang-diin ang halaga ng *ka-*[47] sa ating paggamit ng wika, o kayâ naman ay maaaring tingnan ang diskurso ng *ka*-tarungan.[48]

Samakatwid, maaari nating maaninag ang isang pilosopiya na malalim sa pamamagitan ng pag-unawa sa ating taglay na wika. Ginawa at ginagawa ng ibang mga Filipinong pilosopo ito.[49] Ngunit kaugnay nito, kinakailangang maghunos-dili sa ganitong mga adhikain sapagkat ito ay hindi dahilan upang likhain lamang ang pilosopiyang Filipino.[50] Ang *philosophōs* ay namimilosopo hindi upang siya ay maging Filipino; namimilosopiya siya upang mahanap niya ang katotohanan.[51]

Kayâ nga mahirap intindihin kung bakit kinakailangang ipilit ang pagiging Filipino sa ating paggawa ng pilosopiya. Wika ni Ferriols, hindi sinabi nina Kung Fu Tsu, René Descartes, at Immanuel Kant na gagawa sila ng pilosopiyang Tsino, Pranses, o Aleman. Kung titingnan natin ang kasaysayan ng pilosopiya sa mga lugar na ito, ang ginawa lamang ng mga nabanggit na pilosopo ay nag-isip sila at namilosopiya sa abot ng kanilang makakáya at hinanap nila ang totoo.[52] Muli, ang mga *philosophōs* ay interesado lamang sa katotohanan, at ang mahalagang tanong lamang ay "Ano ang katotohanan na hinahanap natin?"[53] Baka pa nga sagabal at hadlang lamang sa ating paghahanap ng katotohanan ang pagnanais na patunayan ang ating kakayahang umunawa sa pamamagitan ng isang pilosopiyang Filipino.[54]

Gaya ng hindi mahalaga kung Filipino ang katotohanan, hindi rin naman mahalaga kung sino ang naghahanap ng katotohanan. Kung may katotohanan tayong naranasan at nagisnan, hinahangad din ito ng pilosopiya. Ang pagtalab nito, sa isang tapat na paghahanap, ang bumubuo at simulain sa isang tunay na pilosopiya. Sa kontekstong ito, kung tayo ay Filipino, ito ay pilosopiyang Filipino kahit na

[46]Sa salitang Latin, ito ay *Esse est co-esse.*

[47]Rainier Ibana, "Grafting Philosophy to the Filipino Prefix Ka-," *Kritika Kultura*, no. 12 (2009): 27–60.

[48]Tingnan ang Rodriguez, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan*.

[49]Tingnan, halimbawa, ang Leonardo N. Mercado, SVD, *Elements of Filipino Philosophy* (Tacloban City: Divine Word University, 1976).

[50]Tingnan ang Roque J. Ferriols, SJ, "Theological Aspects of Cultural Adaptation," nasa *Pagdiriwang sa Meron*, 223–38.

[51]Ferriols, *Pilosopiya sa Filipino: Eksperimento Ba?*

[52]Ferriols, "A Memoir of Six Years," 216.

[53]Ferriols, *Pilosopiya sa Filipino: Eksperimento Ba?*

[54]Sa aming pag-uusap ni Michael Ner Mariano, nabanggit niya sa akin na itong pagpipilit sa isang pilosopiyang Filipino raw ay bahagi ng ating reaksiyon sa ating karanasang kolonyal. Ibig sabihin, ang mga akdang nagbibigay-diin at pilit na bumubuo ng isang pilosopiyang Filipino ay biktima at bahagi ng mga diskursong postkolonyal.

kanino mo natuklasan ito o saan mo pa ito natutuhan.[55] At hindi ito maaaring maging pilosopiyang Filipino ng mga Filipino lamang o para sa mga Filipino lamang. Kahit na sino ang matulungan na makahanap ng katotohanan ng mga ito ay sa kaniya din ang pilosopiyang ito, banyaga man siya o Filipino. Sa pag-unawang ito ni Ferriols ukol sa pilosopiya at sa kaniyang pagiging Filipino, makikita ang ugnayan ng kaniyang pag-iisip sa gawain ng *philosophōs* o sa nilalayon ng pilosopiya; isa lang ang mahalaga para kay Ferriols, at gayundin sa mga *philosophōs*—ang katotohanan.

Sa paghahangad sa totoo, nagbigay si Ferriols ng tatlong batayan na dapat isaalang-alang upang paniwalaan ang isang tao na nagpapahayag sa totoo. Ayon sa kaniya, karapat-dapat daw na paniwalaan ang mga táong marunong magmasid at umunawa, makatotohanan, at marunong magbunyag.[56] Sa tingin ko, ito rin ay kaugnay ng tatlong katagang Griyego na tumutukoy sa paggawa ng pilosopiya—ang *thaumazein*, ang *aesthesis*, at ang *logos*. Sapagkat ang *philosophōs* ay laging naghahangad ng kung ano ang totoo, dapat ay marunong siyang magmasid at umunawa sa mga bagay na nangyayari sa kaniya at sa kaniyang paligid. Ito ay isang táong bukás sa pagdanas ng mga bagay na bumabagabag (*thaumazein*) at humahalina (*aesthesis*).[57] Sapagkat ang *philosophōs* ay alagad ng karunungan, dapat marunong siyang magbunyag (*logos*) nito. Ano ang katotohanan kung hindi naman ito káyang ibunyag ng dumaranas nito? Kung kayâ, para kay Ferriols, ang *philosophōs* ay dapat may kakayahang ibunyag ang "kanyang nalalaman at nauunawaan: meron siyang arte ng pagbunyag, kaya't naibabahagi niya ang kanyang karanasan sa mga hindi nakadanas ng ganoon: o naibabahagi niya ang kanyang pagkaeksperto sa mga hindi eksperto… sa antas na ito'y posible."[58]

Sa huli, nagbigay siya ng isang simpleng prinsipyo na sa tingin ko ay maaaring magsilbing buod ng nabanggit na:

> Madalas nakakalito ang mga laging nagbabagong komplikasyon, ngunit may gabay. Matino itong simpleng prinsipyong ito: Na dalawa ang palaging kailangan: 1) Na ang

[55]Sa isang panayam, pinag-usapan ni Ferriols ang kaniyang mga naging guro sa Fordham University: si Robert Pollock, si Dietrich von Hildebrand, at si Norris Clarke. Sinabi niya na ang kaniyang hindi nalathala na ilang nota sa Fordham, na ngayon ay hawak ng may-akda, ay nagpapakita ng mga bagay na naunawaan niya sa mga guro niya o kayâ naman ay nagpapahiwatig ng kung ano ang mahalaga sa kaniya noong siya ay nag-aaral pa. Kahit sa Fordham pa raw niya ito natutuhan, ito ay nagturo at nagpalapit pa rin sa kaniya sa katotohanan (Roque J. Ferriols, SJ, kinapanayam ni Mark Joseph Calano, Lucas Infirmary, Ateneo de Manila University, Oktubre 24, 2014).

[56]Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, xviii.

[57]Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 27.

[58]Ferriols, *Pambungad sa Metapisika,* xviii. Kay Ferriols ang *ellipsis points*.

> mga bukal na pinaniniwalaan ay nakakabit sa totoo at kinakabit ako sa totoo; 2) na kinikilatis ko at inuunawa itong mga pagkakabit na ito.[59]

Habang totoo na hindi mahalaga ang pagka-Filipino sa paghahangad ng katotohanan, hindi rin naman maitatanggi ang papel na ginagampanan nito sa ating paghahanap sa katotohanan. "Sa Filipino meron kang masasabi na hindi mo masasabi sa Latin. . . . May natatanaw na maliit lamang pero nagiiba ang dating, umiiba ang karanasan kapag gamit ang wika."[60] Kayâ nga kung gagamit ka ng ibang wika upang makita mo ang katotohanan, posibleng makita mo rin ang katotohanan. Ito ay sa kadahilanang ang katotohanan ay para sa lahat. Ngunit sa paggamit ng ibang wika, maaaring magkaroon ng munti o pinong kaibahan na mahalaga sa ating paglapit sa katotohanan. Ibig sabihin ay merong munti o pinong kaibhan na maaaring mawala kapag gamit ang ibang wika. Sa karanasang ito, meron ding munti o pinong kaibhan na nagpapalinaw sa ating karanasan ng katotohanan kapag gamit natin ang sariling wika. Kailangang gamitin ang sariling wika upang mabuksan ang posibilidad at potensiyal sa pag-unawa na hindi gaanong nakatago at nananatiling taglay ng wikang Filipino.

Upang maunawaan ito, maaaring tingnan natin ang isa sa pinakakontrobersiyal na salin ni Ferriols. Ito ang katagang "meron." Ang meron ay hindi salin ng Ingles na *being*, ng Aleman na *Sein*, ng Pranses na *être*, o ng kahit na anong wika o kataga. Para kay Ferriols, ang meron ay isang pagsubok at pagkilos na makipag-ugnay sa talagang totoo.[61] Habang hindi madaling bigyan ng kahulugan ang katagang meron, hindi naman maipagkakaila na may nakita o nadanas si Ferriols na maaari ring makita o maranasan ng ibang tao—ng lahat ng tao; ito ang karanasan ng talagang totoo. Para kay Ferriols, sa huli, ang pinakaimportanteng tanong sa lahat ay "Talagang totoo ba?"[62]

Káya ko bang malaman na talagang totoo, hindi bilang isang idea o konsepto, pero bilang isang kilos ng aking pagkatao na inaamin ko, kinikilala ko, at inaangkin ko na talagang totoo; at itong pag-angkin, pag-amin, at pagkilala na hindi batay sa konsepto kundi sa talagang nangyayari kasabay ng likas na paghahangad sa talagang totoo. Hindi basta magagandang idea o hindi basta nakasisindak na karunungan

---

[59]Ibid., xix.

[60]Ferriols, *Pilosopiya sa Filipino: Eksperimento Ba?*

[61]Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 1–56. Ang meron ay hindi lamang salin ng *Sein* ni Martin Heidegger. Sa isang panayam ko kay Ferriols, inamin niya sa akin na hindi pa niya nababása ang *Being and Time*. Iisa lang daw ang nabása niyang libro ni Heidegger at ito ay salin sa Ingles na may pamagat na *Introduction to Metaphysics*. Ang nakuha lamang niya rito ay ang halaga ng mga kataga at balarilang Griyego na mababása at kaniyang pinagmunihan sa *Sinaunang Griyego* (Roque J. Ferriols, SJ, kinapanayam ni Mark Joseph Calano, Lucas Infirmary, Ateneo de Manila University, Pebrero 20, 2014.)

[62]Ferriols, *Pilosopiya sa Filipino: Eksperimento Ba?*

ang meron o ang talagang totoo. Ito ay talagang nangyayari. Dito makikita na para kay Ferriols, ang meron ay hindi konsepto kundi karanasan.

Sa wikang Filipino, ano ang pag-angkin sa talagang totoo? Sabi ni Ferriols, wala siyang nakitang salita.[63] Ngunit, dagdag niya, sa buong estruktura ng wikang Filipino raw ay may balangkas na maaaring tumalakay sa talagang totoo.[64] Habang ang talagang totoo ay talagang hindi masasabi, ang buong balangkas ng buong usapan ay kumikilos din naman sa talagang totoo. Sa mismong balangkas ng bawat kataga ay may balangkas din ng tunay na nangyayari. Ngunit, meron bang sumisimbolo sa hindi nasasabing ito? Ang nakita ni Ferriols ay ang katagang "meron," kayâ nga ang "meron" ay hindi maaaring maging idea lamang sapagkat ito ay sumisimbolo sa talagang nangyayari.[65]

Iginigiit ni Ferriols na sa pilosopiya ay maraming bagay na nakasulat at nakalathala na, at maaaring memoryahin. Nakita niya na maaari niyang isaulo ang mga ito sapagkat nabása na niya o sapagkat naranasan na niya. At kung ang nakita niya raw ay iba sa nakalagda, kinailangan niyang mag-isip at aminin na iba ang kaniyang nakikita o nadadanas.[66] Dito natin maiintindihan ang halaga ng isang *philosophōs* na marunong magmasid, umunawa, at magbunyag ng totoo. At gaya ni Sokrates, laging sinasabi ni Ferriols na kadalasan nangyayari raw na meron siyang pagmumulat na hindi niya alam; at sa mga pagkakataon na ito ay kinakailangan niyang aminin na hindi niya alam.[67] Inamin din niya na merong tentasyon na buuin ang di-buo upang meron lang masabi, ngunit inamin din niya na sinubok niyang labanan ang tentasyong iyon at aminin na hindi niya alam ang talagang hindi niya alam.[68] Iba ang nagmamagaling at iba din ang mapagpakumbaba na tumatanggap sa katotohanan. Tila dito makokompleto ang pagkakaisa at pagkakapatong-patong ng mga imahen at iba't ibang mukha ng *philosophōs*, Erōs, Sokrates, at si Ferriols.[69]

Kung uulitin ang ating nasabi na, ang mahalagang tanong sa isang *philosophōs* ay kung totoo ba ang kaniyang nararanasan. Kung totoo ito, marahil ay hindi na

[63]Ibid.

[64]Ibid.

[65]Ibid.

[66]Ibid.

[67]Sa iba't ibang pagkakataon ng aking panayam kay Ferriols sa Lucas Infirmary (Hulyo 4, 2013; Agosto 16, 2013; Setyembre 20, 2013; Nobyembre 14, 2013; Nobyembre 21, 2013; Nobyembre 28, 2013; Disyembre 19, 2013; Febrero 15, 2014; Febrero 20, 2014; Marso 16, 2014; Abril 21, 2014; Hulyo 29, 2014) ay inamin niya na marami siyang hindi alam.

[68]Ferriols, *Pilosopiya sa Filipino: Eksperimento Ba?*

[69]Maaari ring tingnan ang simpleng pananamit at pagtsitsinelas ni Ferriols bilang *analogia* sa simpleng pananamit at pagyayapak ni Sokrates. Ngunit ito ay maaaring sobrang pagpipilit sa aking punto lalo na para kay Ferriols na kailanman ay hindi aaminin na siya ay isang *philosophōs* sapagkat pati ito ay maaaring maging hadlang sa kaniyang pakikipagtagpo sa meron.

importante kung sino ang nagsabi. Sa huli, gaya ng sa unang bahagi ng kaniyang *Pambungad sa Metapisika*, ang pilosopiya ay ginagawa.[70] Iyan ang gawain ng isang *philosophōs*, o sa mas makulay na pagwiwika ni Ferriols, "Lundagin mo beybe."[71]

PAGTATAPOS

Tila baga may pagkakaisa ang pilosopiya, ang *philosophōs*, at si Ferriols sa kanilang pagsisikap na mahanap at madanas ang katotohanan. Sa aking maraming panayam kay Ferriols, paulit-ulit niyang binigyang-diin sa akin na ang mga *philosophōs* raw ay naghahanap din ng katotohanan. Hindi sila ang katotohanan. Kung kayâ't kapag nalimitahan at nililimitahan na tayo ng sinasabi at sinabi nila, hinahadlangan na nila tayo sa talagang totoo. Habang ang pag-aaral ng mga sinabi at akda ng mga naunang *philosophōs* ay mahalaga sa ating sariling pagtuklas at pakikipag-ugnay sa totoo, hindi naman ito ang kabuuan ng pilosopiya. Ang pag-aaral ng pilosopiya ay hindi lamang pag-aaral ng mga kataga na maaaring ulit-ulitin; ito ay pag-aaral upang makita natin ang nahiwatigan nina Herakleitos, Parmenides, Platon, at Aristoteles, at sabay patúloy na nagpapahiwatig sa atin. Naninindigan si Ferriols na sa pagbasa sa kaniyang mga akda at sa kaniyang munting pagtataya, naituro din niya sa atin ang mga nakita niya na marahil ay nakita din ng mga *philosophōs* na nauna sa kaniya upang mamulat at matuto tayong tumingin at danasin ang pinakamahalaga, ang talagang totoo. Sa huli, may pagpapakumbaba pa rin si Ferriols, gaya ng mga naunang mga *philosophōs*, na sa harap ng nagpapasabi ay talagang hindi pa rin nasasabi ang gustong magpasabi; ito ay nahihiwatigan lamang.[72]

TALASANGGUNIAN

Augustine. *Confessions*. Salin ni Henry Chadwick. Oxford: Oxford University Press, 2009.

Calano, Mark Joseph. "Patakarang Pilosopikal: Pambungad sa Pamimilosopiya ni Roque Ferriols." *Scientia: The Research Journal of the College of Arts and Sciences* (June 2013): 98–113.

[70]Tingnan ang Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, ix–xx.

[71]Ibid., x.

[72]Binibigyang diin ng kuwento ni Tswang Tsu sa Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 27–28.

_____. "Pilosopiya sa Wikang Filipino." *Kaisipan: Opisyal na Dyornal nang Isabuhay, Saliksikin, Ibigin ang Pilosopiya* 1, no. 1 (2013): 41–48.

Calasanz, Jose Eduardo. "Ang Kuwago ni Minerva sa Piedras Platas." Di-nalathalang Panayam. School of Humanities, Ateneo de Manila University, Enero 25, 2010.

Eco, Umberto. *Storria della brutteza.* Milan: Bombiani, 2007.

Ferriols, Roque J., SJ. Kinapanayam ni Mark Joseph Calano. Lucas Infirmary, Ateneo de Manila University, Hulyo 4, 2013; Agosto 16, 2013; Setyembre 20, 2013; Nobyembre 14, 2013; Nobyembre 21, 2013; Nobyembre 28, 2013; Disyembre 19, 2013; Febrero 15, 2014; Febrero 20, 2014; Marso 16, 2014; Abril 21, 2014; Hulyo 29, 2014.

_____. "A Memoir of Six Years." Nasa *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.* Pinamatnugutan nila Nemesio S. Que, SJ at Agustin Martin G. Rodriguez, 215–22. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1997.

_____. "Nota ng Patnugot." Nasa *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko.* Pinamatnugutan ni Roque J. Ferriols, SJ, xi–xiv. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1979.

_____. "Pambungad sa Pambungad." Nasa *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko.* Pinamatnugutan ni Roque J. Ferriols, SJ, 1–7. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1979.

_____. *Pambungad sa Metapisika.* Ikalawang edisyon. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2002.

_____. *Pilosopiya sa Filipino: Eksperimento Ba?* Dokyumentaryo. Quezon City: Philosophy Department, Ateneo de Manila University; and Jesuit Communications, Inc., 1990. VHS.

_____. *Mga Sinaunang Griyego.* Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992.

_____. "Theological Aspects of Cultural Adaptation." Nasa *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.* Pinamatnugutan nila Nemesio S. Que, SJ at Agustin Martin G. Rodriguez. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1997.

Heidegger, Martin. "Ano Ba ang Pilosopiya?" Di-nalathalang salin ni Remmon Barbaza ng *What Is Philosophy?* ni Martin Heidegger. Department of Philosophy, Ateneo de Manila University, ca. 1998.

Ibana, Rainier. "Grafting Philosophy to the Filipino Prefix Ka-." *Kritika Kultura*, no. 12 (2009): 27–60.

Ignacio de Loyola. *Mga Banal na Pagsasanay ni San Ignacio de Loyola*. Salin ni Miguel B. Lambino, SJ. Quezon City: Claretian Publications, 1991.

Nehamas, Alexander. *The Art of Living: Socratic Reflections from Plato to Foucault*. Berkeley: University of California Press, 1998.
Plato, *Phaedrus*. Salin ni Christopher Rowe. London: Penguin Classics, 2005.
Plato, *The Symposium*. Salin ni Christopher Gill. London: Penguin Books, 1999.
Platon. "Symposion." Di-nalathalang salin nina Michael Ner Mariano, Roy Allan Tolentino, at Patrick Wilhelm Strebel. Department of Philosophy, Ateneo de Manila University, 2006.
Rodriguez, Agustin Martin. *May Laro ang Diskurso ng Katarungan*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014.

Mark Joseph Calano is an assistant professor of philosophy and of theology at the Ateneo de Manila University. He has degrees in philosophy, religious studies, and linguistics from Saint Louis University, Baguio City. His research interests revolve around philosophy of religion, culture, and language. He is the president of the Philosophical Association of the Philippines. He may be sent an email at mcalano@ateneo.edu.